CCNC-SJ

Labanan ang Kapootang Panlahi sa Canada!
Para sa mga Mag-aaral na Grado 4 at Pataas
Itinanghal ng Chinese Canadian National Council - For Social Justice (CCNC-SJ)

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang ikatlo sa mga serye.

Kapootang Panlahi Tungo sa mga Komunidad ng Itim sa Canada

Maraming dapat ipagdiwang tungkol sa mga tagumpay ng mga Itim na tao sa Canada at sa buong mundo. Maaaring pinarangalan ng iyong paaralan ang Black History Month sa buwan ng Pebrero. Maaaring nalaman mo ang tungkol sa mga pinuno, tulad nila Martin Luther King Jr. at Rosa Parks. Maaaring nalaman mo rin ang tungkol sa mga Black Loyalist na sina, Viola Desmond at Desmond Cole.

Bagama't matagumpay ang mga komunidad ng Itim sa maraming paraan, nahaharap pa rin sila sa kapootang panlahi araw-araw. Nahaharap sila sa parehong indibidwal at sistematikong kapootang panlahi. Maaaring narinig mo na ang tungkol sa kilusang Black Lives Matter sa balita. Ito ay nilikha dahil may mahabang kasaysayan ng kapootang panlahi sa mga Itim na nangyayari pa rin ngayon. Paano ito nangyari?

Pang-aalipin: Noon pang 1600s, ang mga Itim ay inalipin sa Canada. Inalis sila sa kanilang mga tahanan at mga pamilya sa Africa at ibinenta bilang pag-aari kung saan sila ay tinatrato nang hindi makatao. Hindi nagkaroon ng kalayaan o karapatan ang mga itim, at hindi sila binigyan ng pagpipiliang umalis.

Paghihiwalay: Bagama't natapos ang mga batas tungkol sa pang-aalipin noong 1834, marami pa ring iba pang batas na nagdidiskrimina laban sa mga Itim. Tiniyak ng ilan sa mga batas na ito na sila ay ihiwalay sa mga puting tao. Tinatawag itong racial segregation (paghihiwalay ng lahi) at nangyari ito sa mga paaralan, mga sinehan, pampublikong transportasyon at iba pang mga lugar.

Karahasan: Ang mga Itim na tao ay sinaktan kapwa sa pisikal at pangkaisipan ng mga indibidwal at sistema. Ang isang halimbawa ay ang puwersa ng pulisya. Naririnig natin ang maraming mga balita tungkol sa kung paano hindi patas ang pakikitungo ng pulisya sa mga Itim na tao.

Ang mga problemang ito ay nangyayari pa rin ngayon ngunit sa iba-ibang anyo. Ang mga Itim na tao ay nakakaranas ng iba pang mga isyu tulad ng kahirapan, mas mababang mga inaasahan para sa mga Itim na mag-aaral, at mas malupit na mga parusa mula sa sistema ng hustisya. Ang mga itim na tao ay mas maliit din ang posibilidad na pumunta sa unibersidad at makakuha ng mga trabaho kumpara sa ibang mga pangkat ng lahi. Ito ay dahil sa sistemikong kapootang panlahi.

Kahit na nagkaroon ng maraming atensyon sa kilusang Black Lives Matter, mahalaga na maingat nating pag-isipan ang ilang mga bagay:

- Ang ilang mga tao ay gumagamit ng pariralang "All Lives Matter" dahil pakiramdam nila na ang ibang mga lahi ay naiiwan sa kilusan. Sa pagsasabing, "All Lives Matter", ipinapalagay nito na ang mga Itim na tao ay may parehong karanasan sa buhay gaya ng ibang tao, na hindi totoo dahil sa kasaysayan ng kapootang panlahi at karahasan sa kanila.
- Ang ilang mga tao ay naniniwala na hindi sila rasista at nagsasabi ng mga bagay, tulad ng, "Hindi ako rasista dahil may kaibigan akong Itim," o "Nararanasan ng mga Tsino ang kapootang panlahi gaya ng mga Itim kaya walang paraan para maging rasista tayo sa isa't isa". Ang mga komentong ito ay hindi nakakatulong sa paglaban sa kapootang panlahi. Ang isa sa mga unang hakbang sa paglaban sa kapootang panlahi ay ang pag-unawa na ito ay totoo at nangyayari ito sa mga ilang tao araw-araw.

Para sa atin na hindi galing sa mga komunidad ng Itim, kailangan nating maunawaan ang ating responsibilidad at gumawa ng aksyon. Upang matiyak na ang lahat ng tao ay may pantay na karapatan, dapat nating tulungan ang mga Itim sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa kapootang panlahi.

Bilang isang taong hindi Itim, magsimula tayo sa pamamagitan ng pag-iisip tungkol sa mga katanungang ito:

Sa anong mga paraan mo nakita o narinig ang indibidwal at sistematikong kapootang panlahi sa mga komunidad ng mga Itim?

Paano ka napag-isip ng media tungkol sa mga Itim na tao?

Paano mo pinag-usapan ang tungkol sa mga Itim na tao sa pamilya at mga kaibigan?

Paano nakakaapekto ang iyong sariling lahi o pagkakakilanlan sa paraan ng pag-iisip mo tungkol sa mga Itim na tao?

Ano ang iyong mga relasyon sa mga Itim na tao, tulad ng mga mag-aaral, mga kawani ng paaralan at mga kapitbahay?

Ano ang naiiba mong gagawin ngayon upang labanan ang kapootang panlahi sa mga Itim na tao?

Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano suportahan ang mga komunidad ng Itim sa Poster 6: Pagiging isang Kakampi.

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.
Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.

PCHC MUSEUM OF MIGRATION

Funded by the Government of Canada
Financé par le gouvernement du Canada | Canada

CCNC-SJ 2021